4

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 4**
**Kuwarter 3: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Lilybeth C. Agno (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri**:
- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 3/ BAITANG 4**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) ng talambuhay (biography) ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o autobiography). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa (Mga Kasanayang Pagtanggap)**<br>• Nakatutugon nang mahusay sa tahimik na pagbasa.<br>• Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong kababalaghan).<br>a. Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay.<br>b. Nahihinuha ang susunod na pangyayari.<br>c. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari.<br>d. Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.<br>e. Nasusuri ang layon ng teksto (magsalaysay).<br>• Natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa bawat bahagi ng kuwento<br>a. Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas).<br>b. Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari sa simula, gitna, at wakas ng kuwento.<br>• Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.<br><br>**Mga Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat (Mga Kasanayang Produktibo)**<br>• Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag:<br>✓ Pang-abay na Panggaano<br>• Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskursong nagsasalaysay.<br>• Nakabubuo ng mga pahayag ginagamitan ng mga pang-abay na panggaano.<br>• Nakabubuo ng teksto may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya. |

| | |
|---|---|
| | • Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskursong nagsasalaysay.<br>• Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya (mga hudyat ng pagkasunod-sunod sa tekstong pasalaysay).<br><br>**Mga Kasanayan sa Panonood at Presentasyon**<br>• Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo) at direksyon (directionary) na nasa tekstong namasid o napanood. |
| **D. Nilalaman** | • **AKDANG NARATIBO:**<br>Kuwentong Kababalaghan<br>• **MGA KAUGNAY NA PAKSA:**<br>a. WIKA: Pang-abay na Panggaano<br>  • Pagbuo ng Tekstong Pasalaysay<br>b. TEKSTONG BISWAL:<br>  • teksto, *memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning,* atbp. |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalagang Kultural (Mga Paniniwala) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Abueg, E. R. at Alberto, G. M. (1994). *Tradisyon. Kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas.* Abuelar Educational Materials & Products

Badayos, P. B. (1999). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng wika. Mga teorya, simulain, at istratehiya*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.

*Clip art*. https://gallery.yopriceville.com/Free-Clipart-Pictures/Flowers-PNG/Pink_Flower_Decor_PNG_Clipart

*Curriculum Guide for the MATATAG Curriculum*

DepEd (2012). *DepEd Order No. 73, s. 2012. Guidelines on the assessment and rating of learning 0utcomes under the K to 12 Basic Education Curriculum*

DepEd Order No 42, s. 2016. *Lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program*

Paz, M. at Belvez, Ed. D. (2003). *PAMANA: Sining ng pagkukuwento at pagbigkas ng tula.* Rex Book Store

Philippines Mythology. https://www.facebook.com/PHmythology

Prima24. *Nuno sa punso.* (Hinalaw sa https://www.wattpad.com/307664380-totoong-kwento-ng-kababalaghan-nuno-sa-punso)

Rubin, L. T. At Evasco, E. Y. (2001). *Ang sining ng tula at maikling kuwentong pambata.* Rex Book Store.

Santiago, A. O. at Norma G. T. (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Bookstore, Inc

Silver Mae M. *Ang Matandang Nuno sa Punso.* https://youtu.be/sH8QHcZ2M0I.

Villanueva, V. M. (2018). *Ako Bibo Kase Dapat. #ABKD. Alpabeto ng inobatibo at makabagong guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* VMV Publishing House.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Tukoy-Salita:** Tukuyin ang salitang inilalarawan sa bawat bilang.<br><br>a. Ito ay sinaunang tawag o kinagawiang tawag para sa Diyos at kadalasa'y ginagamit sa Katagalugan.<br>b. Siya ay isang magandang babaeng pinaniniwalaang nag-aalaga sa kalikasan.<br>c. Ito ay malikhaing kuwento ng pagtalakay sa pagkakalikha ng daigdig na may karakter na mala-Diyos o makapangyarihan.<br>d. Siya ay Diyos ng mga ninuno sa Ifugao at pinaniniwalaang nakatira sa ikalimang pinakamataas na lugar ng daigdig.<br>e. Siya ang makapangyarihang diyos ng mga ninuno sa Bukidnon. Pinaniniwalaang siya ay tumitira sa tahanang tulad din ng sa kaniyang mga sakop. May kapangyarihan siya at nasasakop niya ang ibang maliliit na diyos at diyosa.<br><br>**2. Pidbak**<br>Magbigay ng pidbak sa gagawing pagsasalaysay ng mga mag-aaral tungkol sa mga kababalaghang naranasan o nasaliksik nila. | **Mga Tamang Sagot:**<br>a. Bathala<br>b. diwata<br>c. mito<br>d. Kabunyan<br>e. Mababaya |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Ano Ang Alam Ko?:**<br>Ipakita ang sumusunod na larawan. Papiliin ang mga mag-aaral ng mga larawang kaya nilang kilalanin o may alam silang kuwento tungkol sa mga ito. Itanong kung paano sila nagkaroon ng kaalaman sa mga ito.<br><br> Kinuha mula sa: clip art manananggal - Google Search<br> Kinuha mula sa: clip art manananggal - Google Search<br> Kinuha mula sa: clip art aswang - Google Search<br> Kinuha mula sa: clip art tiyanak - Google Search | **Mga Posibleng Sagot:**<br>• aswang<br>• manananggal<br>• tiyanak<br>• kapre<br>• nuno<br>• mangkukulam<br>• manghuhula<br>• albularyo<br>• engkanto |



Kinuha mula sa: clip art kapre - Google Search



Kinuha mula saclip art nuno - Google Search



Kinuha mula saMangkukulam - Philippine Spirits (phspirits.com)



Kinuha mula sa: Fortune teller watching Crystal Ball | Fortune teller, Crystal ball, Halloween paper (pinterest.ph)

Magtulungang buoin ang dalawang hanay ng A-G-N Tsart batay sa pagbabahaging ginawa ng mga bata tungkol sa mga larawan. Ang huling hanay ay bubuoin lang sa huling araw ng linggo.
Halimbawa:

| A-ALAM KO | G-GUSTO KONG MALAMAN | N-NALAMAN KO |
|---|---|---|
| Bahagi ng buhay ng mga Pilipino ang mga paniniwala.<br><br>Isa sa mga pinaniniwalaan ng mga Pilipino ang mga kuwentong kababalaghan. | Ano-ano ang mga kuwentong kababalaghang pinaniniwalaan ng mga Pilipino?<br><br>Ano ang paniniwala ng mga Pilipino tungkol sa:<br><br>✓ aswang?<br>✓ manananggal?<br>✓ tiyanak?<br>✓ kapre?<br>✓ nuno?<br>✓ barang?<br>✓ mangkukulam?<br>✓ manghuhula?<br>✓ albularyo? | |

Magbabago ang tsart batay sa kung ano ang alam na ng mga mag-aaral at kung ano ang gusto nilang malaman.

2. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
   **Oo-Hindi-Maaari-Bakit:** Basahin ang bawat pangungusap at sagutin ng **Oo**, **Hindi**, o **Maaari** ang tanong sa ibaba nito. Ipaliwanag kung bakit ganyan ang sagot mo. Pagkatapos, magbigay ng isang salitang maaaring maging katumbas ng salitang nasalungguhitan.

   1. Mahirap daw itaboy ang isang masamang nilalang. Pinaaalis ba ang nilalang na itinataboy?

Maaaring magbigay ng ibang tanong upang magabayan ang mga bata sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Huwag mo raw gagalawin ang punso at baka may nakatirang nuno rito. Ang punso ba ay gawa sa semento?<br>3. Ang albularyo ay nakatulong upang paalisin ang masamang espiritu. Nag-aral kaya ng medisina ang albularyo?<br>4. Ang nuno ay nakita sa silong ng gusali. Sa itaas kaya ng gusali nakita ang nuno?<br>5. Nagpasalamat sila at nakalabas sila sa mahabang lagusan. Ang lagusan ba ay isang kuwarto?<br>6. Tinatanong siya subalit umiiling lang at umiiyak. Gusto bang sumagot ang isang taong umiiling?<br>7. Natatakot siya subalit kumakalma naman kung nakayakap kay Nanay. Nagsisigaw kaya ang isang taong kumakalma?<br>8. Unat ang kaniyang buhok mula anit hanggang sa may batok. Mas mataas ba ang kinaroroonan ng batok kaysa sa anit?<br>9. Isinagawa ng albularyo ang orasyon upang magamot si Ate. Ang orasyon ba ay isang pagsasaya?<br>10. Pagkatapos mapatawasan ang aking ate, nalaman naming na may nagkakagusto sa kaniyang isang nuno. Pumupunta ka ba sa isang doktor upang ikaw ay mapatawasan? | Maaaring magpakita ng larawan upang maunawaang mabuti ng mga mag-aaral ang mahihirap na salita.<br><br>Halimbawa, ang larawan ng pagtatawas ay maaaring i-download mula sa https://www.facebook.com/PHmythology/photos/a.1468721936695906/1864791210422308/?type=3 |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 1: PAGBABASA NG KUWENTONG KABABALAGHAN**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Pagbasa ng Kuwentong Kababalaghan**<br><br>***Nuno sa Punso***<br>Kuwento ni April na Hinalaw kay Prima24<br>Isinulat-muli ni Lilybeth C. Agno<br><br>Naniniwala ka ba sa mga nilalang na hindi nakikita? Sa mga nilalang na tinatawag nilang engkanto? Sa mga duwende at sa nuno sa punso? Eh sa mga albularyo, naniniwala ka rin ba?<br>Batay sa aking mga naranasan at nasaksihan, masasabi kong naniniwala ako sa mga ganoong uri ng nilalang sa mundo. Naniniwala rin ako sa albularyong nanggagamot sa mga sakit na hindi nalulunasan ng mga doktor o hindi napag-aaralan ng siyensya.<br>Dahil sa labis na pag-aalala, kumonsulta sina Inay at Itay sa isang albularyo. Pagkatapos 'mapatawasan' ang aking ate, napag-alaman nila na may nagkakagusto sa kaniya na isang nuno sa punso. Mahusay ang albularyo dahil nahulaan niya kung saan nakatira ang nuno.<br>Nagustuhan daw ng nuno ang aking ate dahil sa kaniyang buhok. Sa totoo lang, maganda talaga noon ang buhok ng ate ko. Iyon bang unat mula sa anit hanggang sa may batok pagkatapos ay | Kinuha mula sa: https://www.wattpad.com/307664380-totoong-kwento-ng-kababalaghan-nuno-sa-punso) |

Isa sa mga nasaksihan kong pangyayari ay ang kakaibang karanasan ng aking ate noong nasa elementarya pa lang siya. Dahil bata pa ako noon, hindi ko pa masyadong naiintindihan ang nangyari sa kaniya. Ang alam ko lang ay may nagkagusto sa kaniya na isang nilalang na tinatawag nilang nuno sa punso.

Nagsimula ito sa isang hapon, pagkatapos ng klase. Napagkatuwaan ng aking ate at ng kaniyang mga kaibigan na dumaan sa malawak na silong ng gusali ng Grade VI. Bago sila makalabas sa lagusan ay madaraanan nila ang isang malaking punso roon. Maraming naniniwala na ang punsong iyon ay tirahan ng nuno. Subalit dahil nga bata pa ang aking ate noon ay hindi niya naisip ang bagay na iyon. Pagkauwi niya sa bahay ay bigla na lamang siyang nagtatatakbo na tila takot na takot. Nagtaka ang aming mga magulang sa nangyayari sa ate ko. Kumakalma naman siya kapag nakalapit at nakayakap na kina Inay at Itay.

Nang mga sumunod na araw, muling naulit ang pangyayaring iyon. Bigla-bigla siyang tumatakbo, namumula ang balat at bakas sa mukha ang labis na takot habang nakatingin sa isang lugar na tila may nakikita siya. Tinatanong ang ate ko kung bakit pero umiiling lang siya at umiiyak na lang. Nagtagal iyon nang ilang linggo.

kulot sa ibaba. Humaba ito nang halos dalawang talampakan at hanggang baywang.

Ginamot ng albularyo ang aking ate. Gumawa siya ng orasyon nang ilang sandali. Ito ay itaboy ang nilalang na nagkakagusto sa kaniya. At para hindi na siya makabalik, kinakailangang putulin ang buhok ng aking ate. Nakapanghihinayang man pero sinunod ng aking magulang ang sinabi ng albularyo. Makalipas lamang ang ilang araw ay bumalik sa normal ang lahat.

Noong nasa ikalawang taon sa hayskul ang aking ate, muli niyang naranasan ang ganoong pangyayari. Ang nagkagusto naman sa kaniya ay isang engkantong nakatira sa isang puno ng akasya.

Minsan, nakita kong takot na takot ang aking ate dahil mayroon siyang nakitang isang nilalang sa kaniyang tabi mismo at nakatitig sa kaniya. Narinig kong umungol ang aking ate na para bang nahihirapan siyang huminga. Namula rin ang kaniyang balat. Isinisiksik niya ang sarili sa tabi habang titig na titig sa isang lugar.

Ipinagamot uli ang aking ate sa albularyong nakagamot sa kaniya dati. Ginamot siya nang dalawang buwan. Tumigil din sa pag-aaral ang aking ate nang dalawang buwan. At tulad noon, gumaling naman siya.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Mapa ng mga Pangyayari:** Buoin nang pangkatan ang mapa ng mga pangyayaring naganap sa kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga kinakailangang detalye.


Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang ipakita sa klase ang kanilang ginawang mapa ng mga pangyayari.

Iwasto ang mga detalyeng ibibigay ng mga bata.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

   **Trayad**: Humanap ng dalawang kasama at magpalitan ng mga sagot sa mga tanong:

1. Ano ang nangyari sa Ate ni April?
2. Ano ang ginawa ng kaniyang mga magulang upang matulungan ang ate ni April?
3. Ano-anong kababalaghan ang nangyari kaugnay ng pagkakasakit ng ate ni April?
4. Ano-anong bahagi ng kultura ng mga Pilipino ang naipakita sa kuwento?
5. Ano-anong bahagi ng akda ang maaari mong iugnay sa iyong sariling karanasan?




**KONSEPTO 2: ANG PAGBUO NG TEKSTONG PASALAYSAY**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

1. Balikan ang mga konseptong natutuhan na ng mga bata tungkol sa pagsulat ng karanasan.
2. Upang mapatibay ang kasanayan ng mga mag-aaral, bigyang-diin ang mga impormasyon o paalalang inaakala mong hindi pa nila masyadong natutuhan. Humalaw ng mga konsepto sa sumusunod:

**Ang Tekstong Pasalaysay**

Ang pasalaysay ay isang uri ng diskursong karaniwang nagkukuwento ng mga pangyayaring naganap mula sa pansariling karanasan o nasaksihang karanasan ng ibang tao. Maaari ring ang pagsasalaysay ay mula sa nabasa o narinig o bunga lang ng malikhaing pag-iisip ng gumagawa ng pagkukuwento.

Upang maging maayos ang pagkukuwento, mainam na sundin ng mga baguhan ang tatlong bahagi ng tekstong pasalaysay: ang simula, gitna, at wakas.

**Simula**
- Maaaring banggitin ang mahahalagang impormasyon tungkol sa mga tauhan, tagpuan, o pinangyarihan, at ang suliranin kung mayroon man.
- Mauunawaan ng tagabasa o tagapakinig ang kontekstong pag-iikutan ng mga pangyayari sa salaysay.

**Gitna**
- Isalaysay nang maayos ang mga magkakasunod na pangyayaring naganap.
- Gumamit ng mga hudyat o panandang diskurso upang mas madaling maunawaan ang pag-uugnay ng mga pangyayari.

**Wakas**
- Naglalahad ng naging kinahinatnan o resulta ng mga pangyayaring inilahad sa salaysay. magpapakita ng pag-uugnay o paglilinaw ng mga pangyayari. Maaaring ang bunga ay positibo o negatibo
- Nalalaman ng tagabasa o tagapakinig ang nangyari sa pangunahing tauhan sa hulihan.

Narito ang mahahalagang mungkahi sa pagsulat ng tekstong pasalaysay:

- Mahalagang pangyayari
- Maayos at kaaya-ayang simula, gitna, at wakas
- Angkop na pamagat

3. Talakayin sa klase ang tungkol sa gamit at kahalagahan ng mga panandang diskurso o hudyat ng pagkasunod-sunod nga mga pangyayari.
4. Ipatukoy rin sa mga mag-aaral ang mga panandang diskursong ginamit sa akdang "Nuno sa Punso?" na naghuhudyat ng pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.

Mga Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| pagkauwi niya sa bahay | pagkatapos | minsan |
| nang sumunod na araw | noong | |

5. Pag-usapan ang iba pang hudyat ng pagkasunod-sunod na maaaring gamitin sa pagkukuwento.

Mga Halimbawa:

| | |
|---|---|
| pagkaraan ng ilang buwan | kinabukasan |
| hindi nagtagal | |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**a. Balangkas ng Kuwento**: Pangkatin ang klase at magpagawa ng balangkas ng kuwentong *Nuno sa Punso* sa pamamagitan ng pagpapapuno ng mga pangyayari sa grapikong larawan.

***Nuno sa Punso***

SIMULA

Mga Tauhan: ______________________________________________

Tagpuan: ________________________________________________ _

↓

KATAWAN

Pangyayari 1: ____________________________________________

Pangyayari 2: ____________________________________________

Pangyayari 3: ____________________________________________

Pangyayari 4: ____________________________________________

Pangyayari 5: ____________________________________________

↓

WAKAS

Kinahinatnan:____________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

**b.** Ipaulat sa klase ang ginawa ng bawat pangkat at ibigay ang mga puna tungkol sa kanilang mga ginawa.

**c.** Ipagawa sa mga pangkat ang binago o pinal na balangkas ng akda.

**3. Paglalapat at Pag-Uugnay**

**Kuwento Ko, Dugtungan Mo:**

Gamit ang isinapinal na balangkas ng kuwentong Nuno sa Punso, ipagawa sa klase ang tulong-tulong na pagsasalaysay sa kuwento. Uumpisahan ng isa at itutuloy ng iba hanggang sa matapos ang kuwento. Ipagamit ang mga panandang diskursong naghuhudyat ng pagkasunod-sunod. Ipabidyo ang mga bata upang may gagamitin sa susunod na araw.

Sa mga susunod na araw, bilang pagsisimula ng klase, hikayating ikuwento ng mga mag-aaral ang mga karanasan, narinig, nabasa o napanood nilang totoong

pangyayari na may kinalaman sa mga kababalaghan.)

**KAUGNAY NA PAKSA 3: PANG-ABAY NA PANGGAANO**

**1. Pagproseso sa Pag-unawa**

Ituro ang pang-abay na panggaano sa pamaraang pabuod.

a. Humalaw ng mga pahayag na naglalaman ng pang-abay na panggaano mula sa akdang Nuno sa Punso.
b. Ipasuri ang mga pahayag.

- Nagtagal iyon nang ilang linggo.
- Humaba ito nang halos dalawang talampakan.
- Gumawa siya ng orasyon nang ilang sandali.
- Ginamot siya nang dalawang buwan.
- Tumigil din sa pag-aaral ang aking ate nang dalawang buwan.

**Mga Gabay sa Pagsusuri**:

- ✓ Balikan muna ang salitang pang-abay bilang naglalarawan sa pandiwa.
- ✓ Ipakilala ang mga pandiwa sa mga pahayag (nagtagal, humaba, gumawa, ginamot, tumigil)
- ✓ Itanong: Ano ang naglalarawan sa bawat salitang kilos sa mga pahayag? (Magpokus sa mga nasalungguhitan). Ano ang isinasaad ng mga ito?
- ✓ Bigyang-pansin ang salitang "nang" na ginagamit sa pag-uugnay ng mga salitang nagsasaad ng timbang o sukat.

c. Itanong kung ano ang pang-abay na pangggaano. (Pang-abay na nagsasaad ng timbang o sukat)
d. Magtulungan sa pagbibigay ng mga pahayag na nagtataglay ng pang-abay na panggaano kagaya ng sumusunod:

Guro: Gaano na kaya katagal na nilalang ang mga engkanto o nuno?
Mag-aaral: Nilalang sila nang maraming taon na ang nakalipas.

Mag-aaral: Gaano kaya kalaki humakbang ang isang nuno
Guro: Siguro humahakbang siya nang limang pulgada lang.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Salungguhitan ang mga pang-abay na panggaanong ginamit dito. Pagkatapos, bilugan ang mga salitang inilalarawan ng mga pang-abay.

**Kakaibang Nilalang sa May Bintana**
Totoong Karanasan ni Ruth De Guzman

| | | |
|---|---|---|
| | Isinulat ni Lilybeth C. Agno<br><br>Palaging naiiwan sa bahay si Ruth noong sila ay nasa Binalonan, Pangasinan. Namamamasyal nang malayo ang kaniyang asawang pastor upang bisitahin ang mga miyembro ng simbahan.<br><br>Isang hapon, narinig ni Ruth na may sumitsit nang tatlong beses. Sa ibang araw naman, narinig niyang tinawag ang kanyang pangalan nang dalawang beses. Tumingin si Ruth sa kanyang likuran. Wala naman siyang nakita.<br><br>Sa ibang araw naman, narinig niyang tinawag ang kanyang pangalan nang dalawang beses subalit wala naman siyang kasama sa bahay maliban sa kanyang anak na sanggol pa.<br><br>Isang madaling araw, nang magising si Ruth, napatingin siya sa may bintana at nakita ang isang malaking taong itim na itim at may napakakislap na noo, at tumitingin nang malalim kay Ruth. Sa pagkakaalam ni Ruth, nagtatangkad ito nang mahigit sampung talampakan. Nabigla si Ruth at siya ay sumigaw. Nagising ang kanyang asawa at silang dalawa at nanalangin upang humingi at proteksiyon sa Diyos.<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**I. Panuto**<br>Punan ng angkop na pang-abay na panggaano ang bawat pangungusap.<br>1. Nang magkasakit siya nang hindi alam ang dahilan, tumaba siya nang -____________.<br>2. Dinagdagan niya nang _____________ ang karne ng manok na binili upang maialay sa mga engkanto.<br>3. Tumaas nang _____________________ ang puno ng balete.<br>4. Tumagal nang _______________ ang pagiging matatakutin ni Ella dahil sa mga kakaibang naririnig niya sa paligid.<br>5. Pinabawasan niya nang _____________ ang telang ipinambalot sa alay.<br><br>**Panuto**: Bumuo ng mga pangungusap na may pang-abay na panggaano. | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ipabuo ang A-G-N Tsart mula sa mga napag-aralan o napagnilayan ng mga mag-aaral.<br><table><tr><th>A-ALAM KO</th><th>G-GUSTO KONG MALAMAN</th><th>N-NALAMAN KO</th></tr></table> | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Bahagi ng buhay ng mga Pilipino ang mga paniniwala.<br><br>Isa sa mga pinaniniwalaan ng mga Pilipino ang mga kuwentong kababalaghan. | Ano-ano ang mga kuwentong kababalaghang pinaniniwalaan ng mga Pilipino?<br><br>Ano ang paniniwala ng mga Pilipino tungkol sa:<br>engkanto<br>✓ aswang?<br>✓ manananggal?<br>✓ tiyanak?<br>✓ kapre?<br>✓ nuno?<br>✓ mangkukulam?<br>✓ manghuhula?<br>✓ albularyo? | Ang mga engkanto at nuno ay maaaring magbigay ng problema sa mga taong nagugustuhan nila katulad ng matinding takot.<br><br>Ang albularyo ay maaaring makatulong sa mga taong may problemang dulot ng mga kakaibang nilalang katulad ng nuno at engkanto. |

2. **Pagninilay sa Pagkatuto**
   **Ipabuo ang talaan.**

| **Ano ang iyong...** | **naranasan na tungkol sa mga kababalaghang nangyayari sa mundo?** | |
|---|---|---|
| | naramdaman mo sa karanasang ito? | |
| | naramdaman mo habang binabasa o pinakikinggan o pinanonood ang karanasan ng iba? | |
| | gagawin matapos mong maranasan ang kababalaghan? | |
| | gagawin matapos mong malaman ang kababalaghang nangyari sa iba? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>TAMA o MALI. Isulat ang tama kung ang pangungusap ay wasto at MALI kung ito ay hindi wasto.<br><br>1. Ang mga kuwentong kababalaghan ay palagi nating nararanasan sa araw-araw na buhay.<br>2. Ang nuno ay isang nilalang na malahigante ang laki. | |


3. Ang mga pang-abay na panggaano ay nagsasaad ng kulay at anyo.
4. Ang mga hudyat ng pagkasunod-sunod ay nakatutulong sa mhusay na pagsasalaysay ng kuwento.
5. Ang mga bahagi ng isang teksto ay simula, gitna at wakas.

**PAGGAMIT:** Sumulat ng limang pangungusap tungkol sa mga nasaliksik mong kuwentong kababalaghan. Gumamit ng mga pang-abay na panggaano.

1. ________________________________________________________________.
2. ________________________________________________________________.
3. ________________________________________________________________.
4. ________________________________________________________________.
5. ________________________________________________________________.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin**

Mayroon ka bang karanasan tungkol sa mga kababalaghan? Kung wala, magtanong sa iyong mga kakilala ng isang kuwentong kababalaghang naranasan o nalaman nila. Maaari ka ring magsaliksik sa *internet*. Itala sa grapikong larawan ang mahahalagang impormasyon o pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Maglagay na rin ng angkop na pamagat ng iyong kuwento.




Maghanda sa pagsasalaysay sa klase tungkol sa sarili o nasaliksik mong karanasan. Sikaping gamitin ang mga pang-abay na panggaano at mga hudyat ng pagkasunod-sunod sa tekstong pasalaysay.

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |

<table>
<tr><td></td><td>Kagamitan</td><td></td><td></td><td rowspan="3">pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td></td><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>